

Ika-60 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki



Colors, Future!

いろいろって、未来。

川崎市

Pinamatnugan at inilathala ng:
The Human Rights and Gender Equality Office,
Citizens' and Cultural Affairs Bureau, Agosto 6, 2017

(Wikang Hapon) <http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0.html>

(Wikang Hapon na madaling maintindihan) <http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html>


Pag-ulat sa Mayor at sa Konseho ng Kawasaki ukol sa Aktibidad ng taong 2016



Noong ika-12 ng Abril, Miyerkules, ipinasa ng taga-pangulo na si Jia Hui He, at pangalawang pangulo na si Edward Kezengwa kay Mayor Norihiko Fukuda ang pag-ulat sa taong 2016.

Sa ibentong ito, iniulat sa mayor ang mga pinag-usapang tema, mga opinyong napakinggan sa mga meeting ng mga kinatawan ng dayuhan, at mga ginawang aktibidad kagaya ng open forum. Ayon sa mayor, "Sa lungsod ng Kawasaki,

kasabay ng patuloy na pagdami ng mga dayuhan, ay dumadami din ang mga galing sa ibang bansa o ibang lugar. Nagiging mas mabuti ang lungsod dahil sa pagkakaibang ito. Para sa mga dayuhang dumadating sa Kawasaki, nais kong makisama sa pag-gawa ng komunidad kung saan magiging ikauna o ikalawang tirahan nila ang Kawasaki. May mga oras na mahirap maintindihan o mahirap ipaalam ang mga impormasyong galing sa administrasyon ng lungsod. Kung maaari, nais kong makipagtulungan sa inyo upang ipaalam ang mga impormasyon na ito gamit ang inyong sariling wika, upang makarating ito sa mas maraming tao." Naimbitahan din ang pangulo na si Jia Hui He at pangalawang pangulo na si Edward Kezengwa sa City Council Educational Committee na ginanap noong ika-25 ng Mayo, Huwebes, upang iulat ang mga aktibidad noong taon ng 2016.



Iskedyul ng Meeting para sa 2017

Lugar: Kawasaki International Center

(10 minutong lakad mula sa istasyon ng Motosumiyoshi, Toyoko Line)

Oras: mula 2pm hanggang 5pm Mapa: <http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml>

- 9/3 (Linggo) Ika-2 araw ng ika-2 miting
- 10/15 (Linggo) Ika-1 araw ng ika-3 miting
- 12/10 (Linggo) Ika-2 araw ng ika-3 miting
- 1/21 (Linggo) Ika-1 araw ng ika-4 miting
- 2/18 (Linggo) Ika-2 araw ng ika-4 miting

☆☆☆

Ang pagpupulong ay pwedeng daluhan ng kahit sinuman. Halina't makibahagi sa pagpupulong!

Recruitment para sa ika-12 Termino ng Kinatawan ng Dayuhan

Ang Pagpupulong ng Kinatawan ng Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki ay naisagawang ordinansa ng Lungsod ng Kawasaki mula taong 1996. Sa pagpupulong, ang mga kinatawan ay pumipili ng tema mula sa mga pang-araw-araw na karanasan at problema ng mga dayuhang residente. Magpapasa ng proposal sa mayor matapos pag-aralan at pag-usapan ang tema.

- Termino: Mula Abril 1, 2018 hanggang Marso 31, 2020 (2 taon)
- Bilang ng posisyon: 26 katao
- Tungkulin: Ang miting ay gaganain 8-9 beses sa isang taon, tuwing hapon ng Linggo. Maliban dito, magsasagawa din ng fieldwork, at pagsali sa mga ibento.
- Kwalipikasyon: Ang mga taong naaangkop sa lahat ng kwalipikasyon ay pwede mag-aplay.
 1. Walang hawak na nasyonalidad ng Hapon
 2. Ang edad ay 18 pataas mula Abril 1, 2018
 3. Nakatala bilang residente ng Kawasaki nang higit sa isang taon mula Abril 1, 2018
- Paraan ng pag-apply: Ipadala sa poste ang application form hanggang Nobyembre 21, 2017 (Martes). Ang tatak ng poste ay hanggang sa araw na ito.
- ✂ Mula Setyembre, ang application form ay maaaring matagpuan sa kuyaku-sho, shimin-kan, library (tosho-kan), Kawasaki International Center, atbp.
- ✂ Maaaring idownload mula sa <http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000069405.html>

<Para sa tanong>

Kawasaki City, The Human Rights and Gender Equality Office,
Citizens' and Cultural Affairs Bureau – Panukala para sa Dayuhang Residente
TEL 044-200-2359 FAX 044-200-3914 E-mail 25gaikok@city.kawasaki.jp

Paunawa tungkol sa Open Forum

Ang open forum ay isinasagawang miting upang marinig ang opinyon at katanungan ng iba't ibang tao. Ito din ay isinasagawa upang ipaalam sa karamihan ang pagpupulong ng mga kinatawan ng mga dayuhan. Kahit sino ay pwedeng sumali. Kung kinakailangan ang mga kinatawan ay pwedeng mag-translate.

- Araw at oras: Nobyembre 19, 2017 (Linggo) mula 2pm hanggang 5pm
- Lugar: Kawasaki International Center

- ★ Ang programa ay pinaplano pa, ngunit sa ngayon ay pina-iisipan na gawin itong programa na maaaring magpalitan ng opinyon ang maraming tao
- ☆ Pagkatapos ng open forum, magkakaroon ng party para makihalo.



* Para sa mga nagpaplano na mag-apply bilang kinatawan ng dayuhan, halina at sumali sa open forum

Ulat tungkol sa progreso ng Ika-11 Termino

<Information and Social Education Subcommittee>

Sa Information and Social Education Subcommittee, napag-aralan namin ang mga tema ng “impormasyon”, “Japanese lessons para sa matanda”, at “Orientation course para sa mga dayuhan”. Sa tema ng impormasyon, aming pinag-usapan kung paano mapapabuti ang pagbigay ng lungsod ng impormasyon sa mga dayuhang residente. Isang ideya na napag-isipan ay ang pag-gawa ng guideline sa paraan ng pagbukas ng impormasyon. Sa tema ng Japanese lessons, napag-usapan kung maaaring pakinggan ang opinyon ng taga-pamuno ng International Center, o kaya magsagawa ng aktibidad para sa PR ng mga Japanese lessons ng lungsod. Sa tema ng orientation course para sa dayuhan, aming pinag-usapan ang ideya ng pagsagawa ng orientation course para sa mga lilipat sa lungsod ng Kawasaki upang kanilang makilala ang lungsod at matuto tungkol sa pamumuhay sa Japan. Sa susunod, aming pag-aaralan ang mga opinyon at ideyang napag-usapan upang makagawa ng panukala na makabubuti sa nakararaming naninirahan sa lungsod ng Kawasaki.

Cari Peterson, Tagapangulo ng seksyon

<Local Community Life Subcommittee>

Sa Local Community Life Subcommittee, aming pinag-usapan ang tema ng “pag-papalaki ng bata (mula pagbuntis hanggang maging sanggol)” at tema ng “Medikal/Ospital”. Sa tema ng “pag-papalaki ng bata”, aming napag-usapan ang pagpasa ng aplikasyon sa day-care (hoikuen) at mga sulat na matatanggap tungkol sa regular na check-up ng bata. May opinyon din na kagaya ng “Chart sa Pagpapalaki ng Bata para sa mga Dayuhan ng Kanagawa” ng Kanagawa International Foundation, nais na magkaroon din ang Lungsod ng Kawasaki ng madaling maintindihang guide tungkol sa mga prosesong kailangang gawin mula pagbubuntis hanggang makapasok ng elementarya. Tungkol naman sa “Medikal/Ospital”, napag-usapan ang sistema para sa pag-gamit ng interpreter, pag-gamit ng mga palatanungan sa ibang wika, atbp. Plano naming pag-isipan nang mabuti ang mga ito, kabilang na ang susunod na tema ng “disaster prevention”.

Sunok Kim, Tagapangulo ng seksyon



Mga hakbang para iwasan ang “Rubella”

Kapag nagkaroon ng rubella habang buntis, ang dinadalang anak ay maaaring magkaroon ng sakit sa mata, tenga, puso at iba pa (Congenital Rubella Syndrome). Ang lungsod ng Kawasaki ay nagsasagawa ng aksyon upang maiwasan ang rubella.

(1) Rubella Antibody Test (Walang bayad)

Mga pwedeng tumanggap: Residente ng Kawasaki na hindi pa nakakatanggap ng Rubella Antibody Test, at naaangkop ang kahit isa sa sumusunod

- (a) Babaeng nais na magbuntis
- (b) Partner ng babaeng nais na magbuntis
- (c) Partner ng nagbubuntis



(2) Vaccination (May bayad na 3,200 yen)

Mga pwedeng tumanggap: Ang mga nagsagawa ng (1) at napag-alamang kailangan ng vaccine

- Termino ng pagsasagawa: Hanggang Marso 31, 2018
 - ※Upang makatanggap ng vaccination bago mag Marso 31, mabilisang tumanggap ng antibody test.
 - Paraan ng pag-apply: Mag-apply sa ospital kung saan makakatanggap ng antibody test
 - ※Magdala ng Health Insurance Card o Id kung saan pwedeng makita na residente ng Kawasaki.
- «Listahan ng ospital na pwedeng tumanggap ng test at iba pang detalye»
<http://www.city.kawasaki.jp/350/page/0000064983.html>

Yuancong Ye

Inirerekumendang lugar sa mundo


“Tunnel ng Pag-ibig” sa Ukraina

Nang ako ay unang pumunta ng Japan, madalas akong tinatanong kung nasaan ang Ukraina. Kamakailan, dahil madaming istorya tungkol sa sitwasyon ng Ukraina, dumadami din ang mga taong may alam tungkol sa bansang ito. Ngunit sa aking palagay, marami pa rin ang taong kaunti laman ang alam tungkol sa Ukraina.



Ano kayang klaseng lugar ang Ukraina? Ang Ukraina ay nasa silangan ng Europa. Sa kanluran nito ay ang Hungary, Poland, Slovakia, Romania, at Moldova, at sa silangan naman ay ang Russia. Isang bahagi nito ay nakaharap sa Black Sea, at kilala ito bilang bansa na maraming nakukuhang siryal. Walang diretsong flight mula Japan hanggang Ukraina. Kung pupunta mula Japan, aabutin ito nang 16 na oras kasama ang paglipat ng eroplano.

Sa Ukraina, madalas sinasabi na “Ang mundo ay maliligtas ng pag-ibig”, at napakalaki ng importansyang inilalaan ng mga tao sa pag-ibig. Akin ngayong ipakikilala ang isa sa sikat na lugar ng Ukraina na tinatawag na “The Tunnel of Love”. Ito ay isang romantikong tunnel sa lalawigan ng Rivne na napaliligiran ng mga dahon. May haba itong 3 km, at sa isang araw, may dalawa o tatlong tren ang dumadaan dito na may dalang mga kahoy. Ayon sa alamat, matutupad ang pangarap ng mga dumadaan sa tunnel na ito, kaya ito ay madalas dinadalo ng kabataan at magkasintahan. Sinasabi din na kahit sa mga single, kapag dumaan sa tunnel ay makakahanap din ng kasintahan. Kahit anong panahon, ito ay parang laging napaliligiran ng napakagandang salamangka. Kapag may pagkakataon, mangyaring bisitahin ito.



Oksana Bartkova

【Para sa tanong】

**The Human Rights and Gender Equality Office,
Citizens' and Cultural Affairs Bureau, Kawasaki City**

210-0007 Kawasaki Frontier Building 9th Floor, Ekimae Honcho 11-2, Kawasaki-ku Kawasaki City

Tel : 044-200-2359 Fax : 044-200-3914 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp

Ikinalulugod naming tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi hinggil sa Newsletter at Pulong ng mga Kinatawan

Ang papel na ito ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.